



# GAWING BATAS ANG ATING MGA KARAPATAN

IPATUPAD ANG  
MGA KARAPATANG  
PANGKABUHAYAN,  
PANLIPUNAN AT  
PANGKALINANGAN

**AMNESTY**  
INTERNATIONAL



**Ang mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan ay nakatitik sa Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao (Universal Declaration of Human Rights o UDHR) at sa iba pang tratado kabilang na rito ang Internasyunal na Kasunduan sa Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan (International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR) kung saan kabilang ang 160 bansa. Ito ay kinikilala sa mga batas ng maraming bansa ngunit milyun-milyong mga tao ang pinagkakaitan ng mga karapatang ito araw-araw.**

Karaniwan, ang mga pamahalaan ay hanggang salita lamang tungkol sa kanilang mga obligasyon sa ilalim ng internasyunal na batas upang masiguro para sa lahat ang mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan. Ang iba ay sadyang lumalabag ng mga karapatan ng mamamayan, halimbawa, sa sapilitang pagpapaalis ng mga tao sa kanilang tahanan. Paminsan-minsan ay hindi nito napipigilan, o hindi naiimbestiga at hindi nakakapagparusa ng mga umaabuso sa karapatang pantao, halimbawa ang mga kompanyang nagmimina na nagdudulot ng polusyon sa tubig na iniinom ng mga komunidad.

Maraming gobyerno ang lumalabag sa karapatang pantao dahil hindi nakakapagsagawa ng mga mahahalaga at konkretong mga hakbang na kailangan upang masiguro na ang mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan ay matupad para sa lahat ng tao, halimbawa kapag hindi nila binibigyan ng prayoridad ang mga grupong naisasantabi sa alokasyon ng pampublikong risorses.

Kapag may paglabag na nangyari, karaniwan ang mga tao ay walang oportunidad upang makamit ang hustisya. Sa maraming bansa, hindi makuha ng mga tao ang ganitong mga karapatan dahil hindi kinikilala sa mga

pambansang batas. Ang mga remedyo, kung mayroong umiiral, ay hindi epektibo o di abot ng mga tao. Partikular na rito ang mga taong namumuhay sa kahirapan na humaharap sa mga malalaking hadlang sa pagtamo ng hustisya. At hindi palaging ipinapatupad ng mga gobyerno ang mga desisyon ng mga korte at internasyunal na mekanismo sa karapatang pantao. Dahil diyan, patuloy na nilalabag ang mga karapatang pantao nang buong laya ng mga pamahalaan na hindi nananagot sa kanilang mga aksyon.

### **ANG KARAPATAN SA EPEKTIBONG REMEDYO**

Sa ilalim ng internasyunal na batas, ang karapatan sa mabisang remedyo ay karapatan ng lahat ng tao kung nilabag ang kanilang mga karapatan. Kung di-abot ang epektibong remedyo, nagiging maliit lamang ang katumbas ng karapatang pantao.

Upang maging mabisa, ang lahat ng remedyo ay nararapat na naabot, abot-kaya at napapanahon. Ang lunas ay maaaring maibigay ng hukuman o ng iba pang institusyon na maaaring umaksyon sa mga reklamo. Ngunit, nararapat na naaabot ng mga biktima ang korte kapag ito lamang ang pinakaepektibong paraan upang masiguro ang remedyo.



### **ANG KARAPATAN SA REMEDYO AT REPARASYON**

Batay sa internasyunal na batas, karapatan ng lahat ng biktima ng paglabag sa karapatang pantao ang magkaroon ng epektibong remedyo at reparasyon. Rekisito ng reparasyon, na hanggang maaari, ang resulta ng paglabag ay maituwid. Ang ahensiya na nagbibigay ng remedyo ay nararapat na magtakda ng mga kinakailangang panukala o paraan upang maayos ang mga ispesipikong pinsalang naranasan ng mga biktima, kabilang na rito ang ilan o lahat ng mga sumusunod:

- **Restitusyon o pagbabalik**, halimbawa ang pagbabalik ng tahanan na kinuha sa sapilitang pagpapaalis sa tahanan (forced eviction)
- **Bayad-pinsala**
- **Rehabilitasyon**, sa pamamagitan ng mga serbisyo na tumutugon sa pisikal at sikolohikal na pinsala
- **Pagkakuntento**, sa pamamagitan ng pagpapataw ng karagdagan o alternatibong remedyo na kaayaya sa mga biktima, halimbawa, ang paghingi ng publikong patawad at;
- **Ligal na garantiya na hindi na mauulit ito.**



*“Walang natira sa amin, kundi ang nakikita mong suot kong damit ngayon. . . kami ng asawa ko ay nag-aaruga ng limang anak na may edad mula anim hanggang 15 taon.”*



**Sa itaas:** Noong Ika-10 ng Hulyo 2010, sinira ng mga buldoser ng konseho ng syudad ang mga gusali sa Kabete NITD settlement sa Nairobi, Kenya, nag-iwan kay Joshua (nasa larawan) at ng kanyang asawa at mga anak na napakakawawa. Sa unang pagkakataon, ginawa ng bagong konstitusyon ng Kenya, na pinagbotohan noong Agosto 2010, na ligal na maipapatupad sa bansa ang ilang karapatan sa pangkabuhayan at panlipunan, kasama ang karapatan sa sapat na pabahay. Bilang resulta nito, ang sinuman na binabantaan na sapilitang paalisin sa kani-kanilang tahanan, katulad ni Joshua, ay may magagamit na remedyo sa hinaharap.

**Larawan sa kaliwa:** Isang balon na nag-iipon ng tubig ulan na pagmamay-ari ng mga taga-baryo ng Palestine na sinira ng hukbong sandatahan ng Israel sa katuwirang itinayo ito ng walang permiso. Bibihirang nagkaloob ng permiso sa mga proyektong patubig para sa mga Palestino.

**Larawan sa Pabalat:** Mga trabahador sa bahay na nagdemonstrasyon sa Jogjakarta, Indonesia, para makilala silang manggagawa at masiguro ang proteksiyon ng kanilang mga karapatan, Pebrero 2009.



## MAKAKAPAGPABAGO ANG MGA HUKUMAN

Ang mga tao sa iba't-ibang panig ng mundo ay matagumpay na nakakakamit (claiming) ng kanilang karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan sa harap ng mga korte, habang paunti-unting tinatanggal ng mga pamahalaan at hukuman ang mga balakid sa pagpapatupad nito.

Sa India, noong Abril 2001, ang People's Union on Civil Liberties, isang organisasyong hindi bahagi ng pamahalaan, ay nagpetisyon sa Kataas-taasang Hukuman ng India at nagpahayag na ang gobyerno ay lumalabag sa karapatan sa pagkain sa pamamagitan ng bigong pagsugpo sa malalang malnutrisyon. Sa kabila ng napopondohang programa ng pagkain sa pananghalian at rasyon ng pagkain sa mga pamilyang mahihirap sa maraming estado, ang mga di-epektibong mga pamamaraan ay naglimita ng kalidad at naaabot ng mga ganitong iskema.

Noong Nobyembre 2001, dinesisyon ng Hukuman na ang garantiya sa minimum

na rasyon sa pagkain para sa lahat ng mahihirap ay nararapat na ligal na obligasyon at lubos na ipatutupad. Ipinagutos ng Hukuman sa awtoridad ng estado na magkaloob ng lutong pananghalian na may ispesipikong minimum na taglay na kalori at protina para sa lahat ng mga mag-aaral sa loob ng hindi bababa sa dalawang-daang (200) araw sa isang taon.

Ang kautusang ito ng Hukuman ang nagpalakas sa kakayahang magpabago (bargaining power) ng mga sosyo-sibikong grupo na nangangampanya para sa karapatan sa pagkain. Dagdag dito, nagtala ang Hukuman ng mga komisyoner na magbabantay sa pagpapatupad nito. Tinatantiyang may karagdagang tatlongdaan at limampu't libong (350,000) mga batang babae ang nagpatala sa paaralan dahil sa mas madaming pagkain na nasa paaralan, matapos ang litigasyon.

Sa South Africa noong taong 2000, tumanggi ang gobyerno na magbigay ng gamot laban sa retrovirus - ang Nevirapine na siyang pipigil sa transmision ng HIV

## Mga aktibista ng Treatment Action Campaign na nagdemonstrasyon sa isang kumperensya hinggil sa AIDS sa Durban, South Africa, August 2003.

mula sa ina patungo sa anak – sa lahat ng nangangailangan ng gamot kahit na mayroong pitumpung libong (70,000) sanggol ang nahahawa baw't taon. Dinesisyon ng mga awtoridad na ang gamot na ito ay ibibigay lamang sa ilang piling lugar hanggang makagawa sila ng kanilang programa para dito. Ang desisyong ito ay isinagawa kahit na may suporta para sa gamot ang Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan (World Health Organization) at ang Konseho para sa Pagkontrol ng Mga Gamot sa South Africa (South African Medicines Control Council), at ang alok ng gumagawa ng gamot na ibigay ito nang libre sa loob ng limang (5) taon.

Ang grupong pang-adbokasiya, Kampanya para sa Aksyong Gamutan (Treatment Action Campaign) ay nagsagawa ng malawakang mobilisasyon sa isyung ito at dinala ang gobyerno sa korte. Noong taong 2002, dinesisyon ng Konstitusyonal na Hukuman



© Dermont Tatlow/PANOS

**Naghintay sa gabi ang mga tao, sa temperaturang -10 \*C, sa Kentucky, USA upang makasigurong matingnan sila ng mga manggagawa ng Remote Area Medical (RAM). Ang RAM, isang mapagkawanggawang organisasyon na may mga boluntaryo, ay itinayo noong 1985 upang magbigay ng libreng serbisyong pangkalusugan sa umuunlad na bansa (developing world). Ngunit ngayon, ibinibigay ng RAM ang 60% ng serbisyo nito sa USA sa mga taong walang insurans sa kalusugan.**

ng South Africa (South Africa's Constitutional Court) na payagan at pabilisin ang paggamit ng Nevirapine sa lahat ng pampublikong sektor ng kalusugan upang masiguro ang karapatan sa kalusugan. Ang desisyong ito ang nagpahina sa oposisyong ng gobyerno sa malawakang pamimigay ng gamot laban sa retrovirus. Dagdag pa rito, natulungan nito ang panukala ng Treatment Action Campaign para sa mas malawak na pamimigay ng gamot laban sa retrovirus. Noong taong 2003, ang gabinete ng South Africa ay gumawa ng Plano upang masugpo ang sakit na AIDS, at kasama rito bilang ubod na bahagi ang panggagamot laban sa retrovirus.

## MGA KARAPATANG HINDI KINIKILALA

Ang patuloy na kawalan ng pagkilala sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan sa mga pambansang batas ay nananatiling isang pangunahing balakid sa pagpapatupad nito sa maraming bansa. Ito ay may epekto para sa mga tao. Sa USA, sa kabila ng pagsasabatas upang makabuluhang mapalawak ang sakop ng insurans na pangkalusugan (health insurance), inaasahang mahigit sa dalawampung (20) milyong tao ay manananatiling walang seguro. Ang iskemang US Medicaid para sa mga may mababang sahod ay may kumplikado at burukratikong rekisitos, na nagresulta sa naaantalang pagtanggap ng pangangalaga sa pagdadalantao ng mga kababaihan na pwedeng tumanggap nito. Ilan sa mga kababaihang may mababang sahod ay walang pagkukunan ng abot-kayang pangangalaga sa pagdadalantao kung kaya sila ay hindi na lamang nagpapa-tsek-ap. Kulang ang pampublikong edukasyon sa kalusugan at hindi sapat ang impormasyon tungkol sa kontrasepsyon. Dahil hindi

kinikilala ng USA ang karapatan sa kalusugan sa kanilang pambansang batas, ang mga kababaihan ay may limitadong pagpipilian upang makakuha ng ligal na remedyo para sa mga kakulangan sa abot-kayang pangkalusugang pangangalaga. Sinasabi ng ilang pamahalaan na ang karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan ay hindi pinagtibay ng batas kung kaya hindi ito kinikilala. Ngunit, ang tumataas na bilang ng mga bansang tulad ng Argentina, Colombia, Egypt, Germany, Indonesia, Latvia at South Africa ay nagsama na ng mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan sa kani-kanilang pambansang batas, na maaaring ipatupad ng mga korte.

Sa Bangladesh, India at Pakistan, ang mga korte ay nagbigay pakahulugan sa karapatang mabuhay, na nakatitik sa kanilang konstitusyon, na kasama ang ilan sa mga karapatang pangkabuhayan at panlipunan. Ang mga pangrehiyong sistema ng karapatang pantao, katulad ng itinatatag ng Organisasyon ng mga Estados na Amerika (Organization of American States),



ang Unyon ng Afrika (African Union) at ang Konseho ng Europa (Council of Europe), ay may mga mekanismo para sa mga daing at maaaring magbigay ng remedyo para sa mga paglabag sa ilan sa mga karapatang ito.

Ang ilang pamahalaan ay nangangatwiran laban sa ligal na remedyo para sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan dahil sila ay may takot na magbibigay-daan para sa mga korte, kaysa sa kongreso, na magtakda ng mga pangkabuhayan at iba pang polisiya, at makakasagabal ito sa proseso ng paggawa ng badyet. Ngunit sa praktika, karaniwan ay inaatasan lamang ng mga korte ang mga pamahalaan na gumawa ng bagong polisisya o baguhin ang mga umiiral na. Binibigyang daan nito na tasahin ng mga korte kung ang mga polisiya ay naaayon sa obligasyon ng bansa sa karapatang pantao sa ilalim ng pambansa at internasyunal na batas, ngunit hindi nagtatakda kung anong polisiya ang nararapat na ipatupad.

## PINAGKAIT NA REMEDYO

Ang pagkilala sa mga karapatan at ang pagkakaroon ng institusyon na makakatugon dito ay hindi makakagarantiya ng epektibong remedyo para sa mga paglabag kung ito ay magaganap. Kung ang ahensya na dumidinig sa kaso ay walang kusa na magbigay ng hustisya, o hindi pinapahintulutan na magbigay ng epektibong remedyo, o maaaring maimpluwensiyahan ng gobyerno, ang mga paglabag ay maaring hindi maparusahan.

Kapag ang pamahalaan ay magsagawa ng mga aksyon na nagreresulta ng paglabag sa karapatang pantao sa ibang bansa, katulad ng pagpondo sa mga proyekto na naging dahilan ng sapilitang pagpapaalis, ang mga remedyo para sa mga biktima ay karaniwang limitado o wala. Karaniwang nakikita ng mga biktima ng mga pang-aabuso ng makapangyarihang kumpanyang transnational na ang kanilang pamahalaan ay walang kakayahan o pagkukusa na magkaloob ng remedyo. Ang mga pagsisikap upang





**Sa malayong kaliwa:** Dalawang batang lalaki ang nag-iigib ng tubig mula sa kontaminadong balon sa Sundar Nagar Colony sa Bhopal, India, 2004. Ang mga pambomba (pumps) sa mga kontaminadong balon ay pininturahan ng pula ng gobyerno.

**Sa kaliwa:** Siklab ng gas na malapit sa isang komunidad ng Iwhrekan, Delta State, Nigeria, Febrero 2008.

**Sa ibaba:** Mga kababaihan na dumalo sa kurso ukol sa karapatan ng mga kababaihan na inorganisa ng league of Women's Lawyers, Tajikistan, July 2009.



makamit ang hustisya sa mga korte sa bansa ng kumpanya ay magastos, gumugugol ng malaking oras, at bibihirang nagtatagumpay.

Sa Bhopal, India isang malawakang tagas ng nakakalasang kemikal mula sa isang planta ng pestisidyo na pinapatakbo ng Union Carbide India Limited (UCIL) noong 1984 ay nagresulta sa kamatayan ng labingwalo hanggang dalawampung libong (18,000-20,000) tao. Kalahating milyong tao ang nalantad sa mapanganib na hangin mula rito. Pagkalipas ng dalawampu't limang (25) taon, ang lugar ng tagas ay hindi pa rin nalilinis. Mahigit sa isandaang libong (100,000) tao ang patuloy na nagdurusa dahil sa mga kaugnay na problemang pangkalusugan at kawalan ng abo't-kayang serbisyong medikal.

Di naglaon, nagkaroon ng kasunduan sa labas sa hukuman sa pagitan ng pamahalaan at ng nakabatay sa US na kumpanyang Union Carbide Corporation (ang punong kumpanya ng UCIL). Pinagtibay ng Kataas-taasang Hukuman ng India ang kasunduan

kahit na may kakulangan sa bayad pinsala na napagkasunduan para sa mga biktima. Dagdag dito, nakaranas ng maraming balakid, kasama na ang korapsyon, mahahabang pagkaantala at pagkakait ng tugmang mekanismo para sa apila, ang mga biktima na sumubok kumuha ng pondong pambayad- pinsala.

Patuloy pa rin ang isang kaso sa korte na humihingi ng obligadong paglilinis sa industriyal na lugar. Sa kabila ng utos ng Kataas-taasang Hukuman ng Madhya Pradesh na linisan ang lugar, kailangan pa rin itong ipatupad ng gobyerno at ang mga ligal na argumento tungkol sa kanilang mga pananagutan ay tumatagal na ng ilang taon.

**MGA HADLANG SA PAGKAKAMIT NG HUSTISYA**

Ang mga bayaran para sa pagkamit ng hustisya ay karaniwang di abot- kaya ng maraming tao, particular yung mga nabubuhay sa kahirapan. Ang mga biktima ng polusyon ng mga kumpanya ng langis sa Nigeria ay humaharap ng mga bayarin para sa abugado, gastusin sa biyahe, gastusin sa korte at maaring bayarin pa sa mga expertong testigo at siyentipikong ebidensiya upang mapatunayan na naapektuhan sila ng polusyon.

Sa Brazil, karaniwang may kusa ang mga korte na iutos sa estado na magbigay ng serbisyong pangkalusugan sa sinumang

8 pinagkaitan nito. Ngunit ang kolektibong litigasyon upang matugunan ang sistematikong kakulangan ng pamahalaan upang masiguro ang karapatan sa kalusugan ay hindi ganoon kasing matagumpay. Karaniwang ang may kakayahang magbayad ng abogado ang siyang nakakakuha ng hustisya.

Dapat gawin ng mga pamahalaan at pambansang hukuman sa iba't-ibang panig ng mundo na mas abot-kaya ng lahat ang hustisya sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga hadlang sa pamamaraan at iba pang balakid na nagreresulta sa kahirapan ng mga biktima na abutin ang sistemang pang-hustisya. Dapat isiguro nila na ang mga remedyo ay nakakatugon sa sistematikong kakulangan ng pamahalaan. Nararapat na magbigay ang gobyerno ng ligal na tulong (legal aid) at alisin ang mga bayarin sa korte para sa may mabababang kita. Dapat rin nilang tiyakin na alam ng mga tao ang kanilang mga karapatan.

Maraming mga biktima ng paglabag ay walang kakayahang maglaan ng oras at pera upang panagutin ang gobyerno. Ang ilan ay karaniwang nagpupunyagi para lamang mabuhay. Ang pasanin ng mga biktima ay dapat mabawasan sa pamamagitan ng pag-obliga sa mga pambansang institusyon sa karapatang pantao at mga regulatory bodies na pro-aktib na magmatyag sa mga ginagawa ng pamahalaan, mag-imbetiga ng mga alegasyon ng paglabag, magtakda ng mga parusa at, kung kailangan at hangga't maaari, ay tumulong sa mga biktima upang maabot ang korte.

## BAKIT SUSI ANG LIGAL NA PAGPAPATUPAD (LEGAL ENFORCEMENT)

Sa ilang pagkakataon, pinapahina ng mga pamahalaan ang pagpapatupad ng karapatan sa pamamagitan ng hindi pagpapatupad ng mga desisyon ng mga pambansa at panrehiyong korte. Ang mga katutubong Yakye Axa at Sawhoyamaxa sa Paraguay ay nabubuhay sa mga pansamantalang tirahan sa isang maliit na lupain sa tabi ng lansangan na may

limitadong pagkukunan ng maiinom na tubig, pagkain at gamot. Ang kanilang lupang ninuno ay nasa kamay ng mga pribadong tao. Noong mga taong 2005 at 2006, dinesisyon ng Inter-Amerikanong Korte sa Karapatang Pantao (Inter-American Court of Human Rights) na ibalik ang mga lupain sa mga Yakye Axa at Sawhoyamaxa.

Ang mga susing miyembro ng pamahalaan ng Paraguay, pagkatapos mahikayat ng mayayaman at makapangyarihang may-ari ng mga lupa, ay sumalungat sa pagpapatupad ng mga hatol. Noong Oktubre 2009, bumoto ang Senado ng Paraguay laban sa pagbabalik ng lupang ninuno sa mga Yakye Axa. Ngayon, naghahanap ang gobyerno ng mga alternatibong lupain kaysa ibalik ang mga lupaing mayroon silang mahigpit na pangkalinangang pagkakabuklod (cultural ties).

Sa Czech Republic, madalas na hindi isinasama ang mga batang Romani sa pangkaraniwang edukasyon at inilalagay sa mga paaralang pampraktika at mga klase na para lamang sa mga mag-aaral na may "katamtamang kapansanang mental" na kung saan ay itinuturo ang mas mababang kurikulum. Nong 2007, inoblige ng Korte para sa Karapatang Pantao ng Europa (European Court of Human Rights) ang pamahalaan na tapusin ang paghihiwalay-lahi sa mga paaralan at ituwid ito sa abot na maaari.

Hiniling ng gobyerno ng bansang Czech na itigil ng mga direktor ng mga paaralan at panrehiyong awtoridad ang hindi tamang paglalagay ng mga batang Romani sa mga paaralang pampraktika. Ngunit ang mga kautusang ito ay hindi angkop na naipapatupad at hindi naglagay ang gobyerno ng karampatang ligal o praktikal na pananggalang o mga ispesyal na kaparaanan upang maisama ang mga Roma sa pangkaraniwang edukasyon.

Ang kakulangan sa pagpapatupad ng mga desisyong ito ang nagpapanatili sa kulturang impunidad kung saan may kalayaang lumabag at maaaring makapagpahina ng loob ng ibang biktima na kumikilos upang



© Amnesty International

**Sa itaas:** Sa tahanan ni Belen Galarza, isang miyembro ng Sawhoyamaxa, kung saan siya ay naninirahan kasama ng sampung (10) miyembro ng kanyang pamilya sa tabi ng Pozo Colorado-Concepcion highway, Santa Elisa, Paraguay, Nobyembre 2008.

**Sa kanan:** Mga batang Romani na pumapasok sa paaralang nakalaan para sa mga kabataang may "katamtamang kapansanang mental" sa Ostrawa, Czech Republic, Febrero 2009.

makamit ang hustisya. Ang aktibismo ng mga sosy o-sibiko mula sa pambansa hanggang sa pinakamababang antas at ang pampublikong suporta sa mga batas sa karapatang pantao at ang mga institusyon nito ang susi upang masiguro ang pananagutan ng pamahalaan. Ang ligal na pagpapatupad ng karapatang pantao ay nararapat na makasama ng pagpapalago ng pampublikong suporta para sa karapatang pantao para sa lahat, kahit sinuman ang makikinabang nito. Ang sinuman





© Amnesty International



**Sa itaas:** Pinag-aaralan ng mga batang mag-aaral ang tungkol sa karapatang pantao sa isang inisyatiba na inorganisa ng Unyon ng mga Guro ng Mongolia (Mongolian Teachers' Trade Union) sa Ulaanbaatar, Mongolia.

**Sa kanan:** Ang gusali ng Prestes Maia sa Sao Paulo, Brazil. Pagkatapos maabandona nang mahigit na 12 taon, ito ay tinirhan noong 2003 ng 468 pamilya, kung saan naging simbolo ito ng sitwasyon ng mga walang tirahan (homeless). Pagkatapos bantaan na sapilitang silang papaalisin sa loob ng ilang taon, sinuspinde ng korteng pang-apila ng Sao Paulo ang hatol ng pagpapaalis (eviction order) habang ang mga negosasyon sa munisipyo ukol sa kanilang alternatibong pabahay ay matagumpay na nalutas.

**Malayong kanan:** Si Rasmata, isang batang babaeng humihilab ang tiyan (in labor) para sa kanyang unang anak ay nakahiga sa pasilyo ng maternity ward habang naghihintay ng duktora sa Yalgado Hospital, Ouagadougou, Burkina Faso, 2009.



na sumasang-ayon sa mga paglabag sa karapatan ng ibang tao ay naglalagay sa alanganin ang pagtatamasa ng kanilang sariling karapatan sa hinaharap.

## INTERNASYUNAL NA HUSTISYA

Noong Disyembre 2008, ang Pangkalahatang Kapulungan ng mga Nagkakaisang Bansa (United Nations General Assembly) ay nagkasundo sa Internasyunal na Protocol para sa Internasyunal na Kasunduan sa Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan (Optional Protocol to the International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR). Ang Protocol ay makakatulong sa mga taong nilabag ang karapatan sa kanilang sariling bansa, at mga taong pinagkaitan ng epektibong pambansang remedyo, upang dumulog sa Nagkakaisang Bansa (United Nations) para sa hustisya.

Diringgin ang mga hinaing ng tao ng Komite ng Nagkakaisang Bansa para sa Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan (United Nations Committee



© Anna Kari

on Economic, Social and Cultural Rights), isang malayang grupo ng mga internasyunal na eksperto.

Ang Protocol ay hindi lamang mapapakinabangan ng mga taong may dinadaing, maaring maimpluwensiyahan ng mga desisyon nito ang mga hukumang pambansa at pangrehiyon saan mang panig ng mundo. Dagdag pa rito, makakatulong ito upang maihayag ang mga pagkakamali ng mga pamahalaan sa pagpapatupad ng mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan.

Ang Protocol ay ligal na nagbubuklod lamang sa mga bansang kasapi nito. Ito ay maipapatupad kapag may 10 estado na nagratipika nito.

Binuksan ang pagpirma sa Protocol noong Setyembre 24, 2009. Pagdating ng Hulyo 2010, 33 bansa ang pumirma at isinaad nila ang kanilang intensiyon na iratipika ito. Ang mga bansang kauna-unahang nagratipika nito ay ang Ecuador at Mongolia.

Ang Amnesty International ay kabilang sa Internasyunal na Koalisyon ng mga NGO (International NGO Coalition) para sa Optional Protocol ng ICESCR, na matagumpay na nag-sulong sa pagtatatag nito sa UN, at patuloy na nangangampanya upang mapagtibay ito sa buong mundo.

**MILENYONG ADHIKAIN SA PAG-UNLAD (MILLENIUM DEVELOPMENT GOALS)**

Ang mga pinuno sa buong mundo ay nangakong kikilos upang makamit ang mga Milenyong Adhikain ng Nagkakaisang Bansa sa Pag-unlad (UN Millenium Development Goals o MDGs), kasama na rito ang pagpababa ng bilang ng mga mahihirap, paniniguro ng kalusugan ng mga ina, pagtaas ng kakayahang magkaroon ng tubig at sanitasyon at mapabuti ang mga buhay ng mga naninirahan sa mga slums. Ngunit maraming mga taong namumuhay sa kahirapan, kagaya ng mga nakatira sa slums, ay karaniwang hindi kasali sa mga programa ng MDG. Hindi nila naaabot ang mga mekanismo para managot ang

gobyerno. Sa halip, sila ay umaasa sa kagandahang loob ng pamahalaan.

Kung walang pananagutan ang mga gobyerno, ang mga itinakda nilang layunin tungkol sa MDGs ay maaaring mabigo. Sa Burkina Faso, napahina ang polisiya ng gobyerno na ipagkaloob ang pangangalagang pangkalusugan sa mga buntis dahil sa mga ilegal na sinisingil ng mga ospital. Ang mga kababaihang humaharap sa mga ganitong bayarin ay may limitadong pagpipilian kung saan nila idulog ang kanilang mga hinaing at kulang ang mga mekanismo upang maipaabot ito – maaaring sa nangangasiwa sa loob ng ospital, sa pamamagitan ng regulatory body para sa kalusugan, o sa pamamagitan ng korte.

Kung ang mga pamahalaan ay seryoso upang masiguro ang karapatang pantao at mapababa ang kahirapan, nararapat na magtatag o magpatibay ng mga pambansang mekanismo para sa pananagutan (national accountability mechanisms) at sumali sa pang-rehiyon at internasyunal na mekanismo katulad ng Optional Protocol ng ICESCR.

## MGA REKOMENDASYON

Tinatawagan ng Amnesty International ang lahat ng pamahalaan na:

■ **Siguruhin na maipatupad ang mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan**

Nararapat na iratipika ng lahat ng bansa ang Internasyunal na Kasunduan sa Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan (International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR) at ang Optional Protocol nito. Nararapat ding siguruhin ng mga gobyerno na ang mga karapatang ito ay maipapatupad sa pambansang batas.

■ **Siguruhin ang epektibo at abot-kayang remedyo kung may paglabag**


Nararapat na tanggalin ng gobyerno ang mga hadlang upang makamit ang hustisya para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao, particular na rito ang mga naghihiwalay (exclude) sa mga taong namumuhay sa kahirapan, at ang pagbibigay ng ligal na tulong (legal aid). Dapat din nilang siguruhin na ang mga pambansang institusyon sa karapatang pantao at mga regulatory bodies ay may kakayahan at may mandatong mag-imbetiga sa mga daing tungkol sa mga paglabag at magmonitor sa pagkilos ng gobyerno upang masiguro ang pagpapatupad ng obligasyon nito sa karapatang pantao.

■ **Sumunod ng buong-buo sa desisyon ng hukuman**

Nararapat na sundin ng mga pamahalaan ang mga desisyon ukol sa karapatang pantao mula sa hukuman, pangrehiyon at internasyunal na mekanismo.

Ang 'Isabatas ang ating Mga Karapatan' ay isa sa mga pangunahing tema sa Demand Dignity Campaign ng Amnesty International na naglalayong wakasan ang mga paglabag sa karapatang pantao na siyang nagdadala at nagpapalala sa kahirapan.

Upang malaman kung ang inyong pamahalaan ay lumagda o nagratipika ng Optional Protocol sa ICESCR at upang makakuha ng mga risorses at mga materyales para sa pangangampanya ukol sa karapatan sa pangkabuhayan, panlipunan at pangkalinangan, bisitahin ninyo ang aming website: [www.amnesty.org/demand-dignity](http://www.amnesty.org/demand-dignity).



© iStockphoto.com/arturbo

[WWW.DEMANDDIGNITY.ORG](http://WWW.DEMANDDIGNITY.ORG)

**AMNESTY  
INTERNATIONAL**



Ang **Amnesty International** ay isang pandaigdigang kilusan ng 2.8 milyong supporter, miyembro at aktibista sa mahigit 150 bansa at teritoryo na nangangampanya para wakasan ang pang-aabuso ng karapatang pantao.

Adhikain naming matamasa ng lahat ng tao ang lahat ng karapatang nakatitik sa Pandaigdig na Pagpapahayag ng Karapatang Pantao at iba pang pamantayang internasyunal para sa karapatang pantao.

Kami ay malaya sa anumang pamahalaan, pampulitikang ideolohiya, pangkabuhayang interest o relihiyon at kalakhang pinopondohan ng aming mga kasapi at publikong donasyon.

[www.amnesty.org](http://www.amnesty.org)  
Index: ACT 35/002/2010  
Setyembre 2010